

**LUNGSOD NG KERMAN**  
**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIYAL NA SERBSIYO NG TUBIG**  
**DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

Itong Patakaran sa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad ay ilalapat sa pagputol ng Lungsod ng residensiyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga probisyon na nakasaad dito. Kung may salungatan sa pagitan ng Patakarang ito at ng anumang ordinansya, patakaran, o panuntunan ng Lungsod, ang Patakarang ito ang mangingibabaw.

**I. Aplikasyon ng Patakaran, Numero ng Telepono sa Pakikipag-ugnay:** Ang Patakaran na ito ay tumutukoy lamang sa residensiyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad. Ang Patakaran na ito ay hindi tumutukoy sa ibang mga palingkurang-bayan (utilities) ng Lungsod.

Ang mga umiiral na patakaran at pamamaraan ng Lungsod ay patuloy na lalapat sa mga account na hindi residensiyal na serbisyo ng tubig. Maaaring tawagan ang Lungsod sa (559) 846-9384 para humingi ng tulong ukol sa pagbabayad ng bill ng tubig at ang posibleng pagtatag ng mga alternatibong nakasaad sa Patakarang ito para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo. Responsibilidad ng kustomer na siguruhin na ang mga bayad ay natanggap sa Finance Department ng City Hall sa tamang panahon.

**II. Pagtigil ng Residensiyal na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad:**

A. Pagbigay, Due Date, at Pagbayad ng mga Bill: Ang mga bill sa serbisyo ng tubig ay ipapadala sa bawat kustomer sa simula ng bawat isang buwan sa serbisyo ng tubig nang nakalipas na buwan. Ang bayad ay due sa huling araw ng buwan (ang “**Due Date**”) kung kailan ipinadala ang bayad sa mail. Maaaring magbayad sa Finance Department ng City Hall na nasa 850 S. Madera Avenue, Kerman, CA 93630 o sa utility payment website ng Lungsod sa <https://cityofkermanutilities.merchanttransact.com>. Ang mga bill ay kakalkulahin batay sa mga sumusunod:

1. Babasahin ang mga metro sa regular na agwat para sa preparasyon ng mga pana-panahong bill at kung kinakailangan sa preparasyon sa pagsisimula ng mga bill, pagsara ng mga bill, at mga espesyal na bill.
2. Ang mga bill para sa mga serbisyong may metro ay magpapakita ng meter reading sa kasalukuyan at nakalipas na meter reading kung saan nakalapat ang bill na ipinadala, ang bilang ng mga yunit, ang petsa ng nakalipas at kasalukuyang reading.

B. Mga Delingkuwenteng Bill: Ang mga sumusunod na panuntunan ay ilalapat sa mga kustomer na ang mga bill ay nanatiling hindi pa bayad nang higit sa animnapung (6) araw pagkalampas ng Due Date:

1. Shut-Off Notice sa Mga Delingkuwenteng Account: Kung hindi natanggap ang bayad sa bill pagsapit ng Due Date, isang paunawa sa overdue/delingkuwenteng bayad (ang “Shut-Off Notice”) ay ipapadala sa mail sa kustomer ng serbisyo ng

tubig sa mahigit-kumulang na hindi bababa sa pitong (7) araw ng trabaho bago sa posibleng petsa ng pagputol ng serbisyo na nakasaad sa Shut-Off Notice. Kung ang address ng kustomer ay hindi ang address ng property na sinisilbihan ng serbisyo ng tubig, ang Shut-Off Notice ay ipadadala din sa address ng serbisyo ng property na naka-address sa "Occupant."

Ang Shut-Off Notice ay kailangang maglaman ng mga sumusunod:

- a) Pangalan at address ng kustomer;
- b) Halaga ng delingkuwensiya;
- c) Petsa kung kailan ang bayad o kasunduan sa pagbabayad ay dapat nagawa para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo;
- d) Paglalarawan ng proseso para mag-apply ng ekstensyon ng panahon sa pagbabayad ng sinisingil na halaga (tingnan ang Seksyon III, sa ibaba); at
- e) Paglalarawan ng pamamaraan para mag-sumite ng petisyon sa pagsusuri at pag-apela sa bill na sanhi ng delingkuwensiya (tingnan ang Seksyon IV, sa ibaba);

Maaari ding alternatibong magbigay ng paunawa sa kustomer ang Lungsod ukol sa napipintong pagputol ng serbisyo sa pamamagitan ng telepono. Kung ang paunawa ay ibinigay sa pamamagitan ng telepono, iaalok ng Lungsod sa kustomer ang kopya ng Patakarang ito at iaalok din na makipag-usap sa kustomer tungkol sa mga opsyon para mga alternatibong pagbabayad, ayon sa nakalarawan sa Seksyon III, sa ibaba, at ang mga pamamaraan para sa pasusuri at pag-apela ng bill ng kustomer, ayon sa nakasaad sa Seksyon IV sa ibaba.

2. Nabigong Makipag-ugnay sa Kustomer: Pag hindi na-kontak ng Lungsod ang kustomer sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa na ipinadala sa koreo (halimbawa, pag ang paunawa ay ibinalik na "undeliverable") o sa pamamagitan ng telepono, magsusumikap ang Lungsod na pumunta sa tirahan at mag-iwan, o gumawa ng iba pang paraan, na maglagay sa isang kapuna-punang lugar, ng paunawa sa napipintong pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, at ng isang kopya ng Patakarang ito.
3. Deadline sa Pagputol ng Serbisyo: Ang bayad sa mga singil sa serbisyo ng tubig ay dapat matanggap sa Finance Department ng City Hall hindi lalampas sa 5:00 PM sa petsa na nakalagay sa Shut-Off Notice. Ang mga postmarks ay hindi maaaring tanggapin.
4. Paunawa sa Bumalik na Tseke (Returned Check): Pag nakatanggap ng bumalik na tseke na ibinayad sa serbisyo ng tubig o iba pang mga kaugnay na singil, ituturing ng Lungsod na ang account ay hindi pa bayad. Ang serbisyo ng tubig ay puputulin kung ang halaga ng bumalik na tseke at ang singil sa bumalik na tseke ay hindi nabayaran pagsapit ng due date na nakasaad sa paunawa, at ang naturang due date ay hindi mas maaga sa petsa na nakasaad sa Shut-Off Notice; o kung ang Shut-Off Notice ay hindi pa dating naibigay, hindi mas maaga sa ika-animnapu't (60)

araw mula sa petsa ng invoice na binayaran ng bumalik na tseke. Upang matubos ang isang bumalik na tseke at upang magbayad ng singil sa bumalik na tseke (returned check charge), lahat ng mga halagang dapat bayaran ay kailangang bayaran ng cash, credit card, debit card o sertipikadong pondo.

5. Ipinambayad na Returned Check para sa Naputol na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad:

- a) Kapag ang ACH o ibinayad na tseke ay tinanggap bilang bayad at nagresulta sa pagbabalik ng serbisyo ng account naputol ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad at ang tsekeng ito ay bumalik na "non-negotiable," maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo pagpadala ng nakasulat na paunawa na hindi kukulangin sa tatlong (3) araw ng kalendaryo o pagkalipas ng petsa na nakalagay sa Shut-Off Notice, kung alinman ang mas matagal. Ang account ng kustomer ay maaari lamang ibalik pag natanggap ang bayad sa lahat ng hindi pa bayad na singil sa pamamagitan ng cash, credit card, debit card, o sertipikadong pondo. Sa sandaling ibinalik ang account ng kustomer, ang account ay mamarkahan ("flagged") sa panahon ng isang taon na magpapahiwatig na ang kustomer ng account ay nagbayad ng tsekeng bumalik na non-negotiable. Sa kaganapang iyon, ang bayad na maaaring tanggapin sa panahon ng isang-taon ay sa pamamagitan lamang ng cash, credit card, debit card, o sertipikadong pondo.

C. Mga Kundisyong Nagbabawal sa Pagputol: Hindi dapat putulin ng Lungsod ang residensiyal na serbisyo ng tubig kung natutugunan ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon:

1. Mga Kundisyong Pangkalusugan – Ang kustomer o tenant ng kustomer ay nagsumite ng sertipikasyon mula sa isang primary care provider na nagsasabing ang paghinto sa serbisyo ng tubig ay (i) magdudulot ng panganib sa buhay, o (ii) magbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang tao na nakatira sa property;
2. Walang-kakayahang Pinansiyal – Ipinapakita ng kustomer na wala siyang pinansiyal na kakayahan upang bayaran ang serbisyo ng tubig sa loob ng normal na billing cycle ng sistema ng tubig. Ang kustomer ay itinuturing na "walang pinansiyal na kakayahang magbayad" kung sinumang miyembro ng sambahayan ng consumer ay: (i) kasalukuyang resipiente ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, general assistance, MediCal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (ii) idineklara ng consumer na ang taunang kita ng kanilang sambahayan ay mas mababa sa 200% ng federal poverty level (tingnan ang link na ito para sa mga federal poverty level sa California: <https://www.healthforcalifornia.com/covered-california/income-limits>); at
3. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad – Sumasang-ayon ang kustomer na pumasok sa isang alternatibong kasunduan sa pagbabayad alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon III, sa ibaba.

D. Proseso sa Pagpapasya ng mga Kundisyong Nagbabawal sa Pagputol ng Serbisyo: Ang pasanin sa pagpapatunay ng pagsunod sa mga kundisyong inilarawan sa Subdibisyon (C), sa itaas, ay nasa kustomer. Upang mabigyan ang Lungsod ng sapat na panahon para iproseso ang anumang kahilingan sa tulong ng kustomer, hinihikayat ang kustomer na magbigay sa Lungsod ng kinakailangang dokumentasyon na nagpapakita ng mga isyung medikal sa ilalim ng Subdibisyon (C)(1), walang-kakayahang pinansiyal sa ilalim ng Subdibisyon (C)(2) at pagpayag na pumasok sa anumang alternatibong kasunduan sa pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (C)(3) na matagal na mas maaga sa anumang iminungkahing petsa sa pagputol ng serbisyo hangga't maaari.

Pag natanggap ang naturang dokumentasyon, susuriin ng Finance Director ng Lungsod, o ng kanyang kinatawan, ang naturang dokumentasyon at sasagutin ang kustomer sa loob ng tatlong (3) araw ng kalendaryo o ipapaalam sa kustomer na kailangan ng mga karagdagang impormasyon o ipapaalam sa kustomer ang mga opsyon sa pagbabayad.

Ang mga kustomer na hindi natugon ang mga kundisyon na inilarawan sa Subdibisyon (C), sa itaas, ay dapat magbayad ng mga delinkuwenteng halaga, pati na rin ang mga multa at iba pang singil, na kailangang bayaran sa Lungsod kung alinman ang mas matagal sa: (i) dalawang (2) araw ng trabaho pagkalipas ng petsa ng paunawa mula sa Lungsod ng desisyon ng Lungsod na ang kustomer ay hindi natugon ang mga sinasabing kundisyon o (ii) ang petsa ng napipintong pagputol ng serbisyo, na tinukoy sa Shut-Off Notice.

E. Mga Espesyal na Patakaran Para sa Mga Kustomer na Mababa ang Kita: Ang mga kustomer ay ituturing na may sambahayang kita na mas mababa sa 200% ng federal poverty line kung: (i) sinumang miyembro ng sambahayan ng kustomer ay kasalukuyang resipiente ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (ii) idineklara ng kustomer na ang taunang kita ng kanilang sambahayan ay mas mababa sa 200% ng federal poverty level. Kung ipinakita ng kustomer ang alinman sa isa sa mga kalagayang iyon, ilalapat ang mga sumusunod:

1. Mga Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo (Reconnection Fees): Pag ang serbisyo ay pinutol at kailangan itong muling ibalik, anumang singil sa pagbabalik ng serbisyo sa loob ng normal na oras ng trabaho ng Lungsod ay hindi dapat hihigit sa \$50.00. Ang mga naturang singil ay hindi dapat mas mahigit sa aktuwal na gastos sa pagbabalik ng serbisyo kung ang halagang iyon ay mas mababa sa pinakamataas na halagang itinakda ng batas (statutory caps). Ang mga naturang "caps" ay maaaring baguhin taun-taon batay sa mga pagbabago sa U.S. Department of Labor Customer Price Index para sa West Region.
2. Waiver sa Interes: Hindi magpapataw ng Lungsod ng anumang singil sa interes sa mga delinkuwenteng bill.

F. Landlord-Tenant Scenario: Ang mga pamamaraan sa ibaba ay nalalapat sa mga indibidwal na metro sa mga detached single-family dwelling, mga multi-unit residential structure at mga mobile home parks kung saan ang may-ari ng property o manager ay ang kustomer na nakatala (customer of record) at siya din ang responsable sa pagbabayad ng bill ng tubig.

1. Kinakailangang Paunawa:

- a. Magsusumikap ang Lungsod na ipaalam sa mga residensiyal na occupant sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa pag ang account na atrasado ang bayad ay nakaharap sa posibleng pagputol ng serbisyo ng tubig ng hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng kalendaryo bago putulin ang serbisyo kung ang property ay isang multi-unit residential structure o mobile home park o pitong (7) araw ng kalendaryo kung ang property ay isang detached single-family dwelling
- b. Ang nakasulat na paunawa ay magpapaalam din sa mga tenant/occupant na mayroon silang karapatan na maging kustomer na makakatanggap ng bill (tingnan ang Subdibisyon 2, sa ibaba), na hindi kailangang magbayad ng dati nang delinkuwenteng halaga.

2. Mga Tenant/Occupant na Naging Kustomer:

- a. Hindi kinakailangan ng Lungsod na magbigay ng serbisyo sa mga tenant/occupant maliban na lang kung ang bawat tenant/occupant ay sumang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at tumugon sa mga kinakailangan at panuntunan ng Lungsod.
- b. Gayunpaman, kung (i) isa o mahigit pa sa mga tenant/occupant ay nanagutan sa mga susunod na singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o (ii) may pisikal na paraan na piliin kung sino sa mga tenant/occupant na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod ang puputulan ng serbisyo, sa gayon ang Lungsod ay magbibigay ng serbisyo doon lamang sa mga tenant/occupant na tumugon sa mga kinakailangan.
- c. Kung ang dating serbisyo sa isang partikular na haba ng panahon ay kundisyon para magtatag ng kredito sa Lungsod, ang pagtira sa property at ebidensya ng maagang pagbabayad ng upa sa kasiyahan ng Lungsod ay katumbas na katunayan.
- d. Kung ang tenant/occupant ay naging kustomer ng Lungsod at ang bayad sa upa ng tenant/occupant ay kasama ang bayarin sa residensiyal na serbisyo ng tubig at ang mga naturang singil ay hindi nakahiwalay, maaaring ibawas ng tenant/occupant sa kanilang mga susunod na bayad sa upa ang lahat ng makatwirang bayarin sa Lungsod sa loob ng nakalipas na panahon ng pagbabayad.

**III. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbababayad:** Ang sinumang kustomer na natugon ang tatlong kundisyon sa ilalim ng Seksyon II(C), sa itaas, alinsunod sa proseso na nakasaad sa Seksyon II(D), sa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa kustomer ng mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad na pipiliin ng Lungsod sa diskresyon nito. Ang mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad ay alinsunod sa mga sumusunod:

- A. Panahon ng Muling Pagbabayad: Dapat bayaran ng kustomer ang balanseng hindi pa bayad, kabilang ang administratibong singil, sa panahon na hindi lalagpas sa labindalawang (12) buwan, batay sa itinakda ng Finance Director ng Lungsod o ng kanyang kinatawan.
- B. Administratibong Singil: Sa anumang na-aprubahang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang kustomer ay papatawan ng administratibong singil, sa halagang itatag ng Lungsod sa pamamagitan ng pana-panahong resolusyon, na kumakatawan sa gastusin ng Lungsod sa pagsisimula at pamamahala ng iskedyul.
- C. Iskedyul: Pagkatapos konsultahin ang kustomer at isaalang-alang ang pinansiyal na limitasyon ng kustomer, ang Finance Director ng Lungsod o ang kanyang kinatawan, ay gagawa ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad na dapat ipagkasundo sa kustomer. Ang alternatibong iskedyul ay maaaring magbigay ng pana-panahong bayad na “lump sum” na hindi kasabay ng itinakdang petsa ng pagbabayad ng Lungsod, maaaring payagang magbayad ng mas madalas kaysa sa buwanan, o payagang magbayad ng hindi mas madalas sa buwanan, kung sa lahat ng kaso, sa ilalim ng Subidbisyon (1), sa itaas, ang hindi bayad na balanse at ang administratibong singil ay dapat bayaran ng buo sa loob ng labindalawang (12) buwan pagkatatag ng iskedyul ng pagbabayad. Ang napagkasunduang iskedyul ay nakasulat na ipapahayag at ibibigay sa kustomer.
- D. Pagsunod sa Plano: Ang kustomer ay dapat sumunod sa napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad at manatiling agarang magbayad ng mga singil na dumadagdag sa mga kasunod na panahon ng billing. Hindi maaaring humingi ang kustomer ng mas mahabang iskedyul ng pagbabayad para sa mga sumusunod na singil na hindi pa bayad habang nagbabayad ng delinkuwenteng bayarin alinsunod sa dating napagkasunduang iskedyul. Pag hindi nasunod ng kustomer ang tuntunin ng napagkasunduang iskedyul sa haba ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o mahigit pa, o nabigong magbayad ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa haba ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o mahigit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa property ng kustomer ng hindi kukulangin sa limang (5) araw ng trabaho pagkatapos mag-paskil ang Lungsod sa property ng kustomer ng isang panghuling paunawa sa balak na pagputol ng serbisyo.

**IV. Mga Apela**: Ang pamamaraan na magagamit para i-apela ang halaga ng singil na nakalagay sa bill ng residensiyal na serbisyo ng tubig ay ang mga sumusunod:

- A. Paunang Apela: Sa loob ng sampung (10) araw pagkatanggap ng bill ng sebrisyo ng tubig, ang kustomer ay may karapatan na magpasimula ng apela o pagsusuri ng anumang bill o singil na ibinigay ng Lungsod. Ang naturang kahilingan ay dapat nakasulat at ipadala sa Finance Department ng City Hall. Habang ang apela ng kustomer at anumang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Lungsod ang sebisyo ng tubig ng kustomer.

- B. Apela sa Shut-OffNotice: Bilang karagdagan sa mga karapatan sa pag-apela na nakasaad sa Subseksyon A sa itaas, ang sinumang kustomer na nakatanggap ng Shut-OffNotice ay maaaring humiling ng apela o pagsusuri ng bill na kaugnay ng Shut-OffNotice ng hindi kukulangin sa limang (5) araw mula sa petsa ng Shut-OffNotice kung sinasabi ng kustomer na mayroong pagkakamali sa bill kaugnay ng halaga ng pagkonsumo ng tubig na nakasaad sa bill; kung walang ganyang apela o mga karapatan sa pagsusuri ay nakalapat sa anumang bill kung saan ang apela o kahilingan sa pagsusuri sa ilalim ng Subseksyon A, sa itaas, ay nagawa na. Ang anumang apela o kahilingan sa pagsusuri sa ilalim ng Subseksyon B na ito ay dapat nakasulat at naglalalaman ng mga dokumentasyon na sumusuporta sa apela o dahilan ng pagsusuri. Ang kahilingan sa apela o pagsusuri ay dapat matanggap sa Finance Department ng City Hall sa loob ng limang (5) araw ng trabaho. Habang ang apela ng kustomer at anumang nag-resultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig ng kustomer.
- C. Pagdinig sa Apela (Appeal Hearing): Kasunod ng pagtanggap ng kahilingan o pagsusuri sa ilalim ng Subseksyon A o B, sa itaas, kailangang itakda kaagad ang petsa ng pagdinig ng Finance Director, o ng kanyang kinatawan (ang "Hearing Officer"). Matapos suriin ang katibayang ibinigay ng kustomer at ang impormasyon na nasa file ng Lungsod ukol sa mga naturang singil sa tubig, kailangang magbigay ng desisyon ang Hearing Officer tungkol sa kawastuan ng mga singil ng tubig na nakalagay sa bill at dapat bigyan ang umaapelang kustomer ng isang maikling nakasulat na buod ng desisyon.
1. Kung napatunayang hindi wasto ang mga singil, magbibigay ng winastong invoice ang Lungsod at ang bayad sa mga reisdong singil ay dapat bayaran sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng winastong invoice para sa mga rebisadong singil. Kung ang mga nirebisang singil ay nanatiling hindi bayad sa haba ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagbigay ng winastong invoice, ang serbisyo ng tubig ay puputulin, sa susunod na regular na araw ng trabaho paglipas ng expiration ng panahon na animnapung (60) araw ng kalendaryo; kung ang Lungsod ay nagbigay sa kustomer ng Shut-OffNotice alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas at ang mga pamamaraan na inilarawan sa itaas ay sinunod.
  2. (a) Kung ang pinag-usapang singil sa tubig ay napatunayang tama, ang mga singil ng tubig ay dapat bayaran sa Due Date ayon sa inilarawan sa itaas o sa loob ng dalawang (2) araw ng trabaho matapos ilabas ng Hearing Officer ang kanyang desisyon, kung alinman ang mas matagal. Sa panahon ng paglabas ng desisyon ng Hearing Officer, ipapaalam sa kustomer ang karagdagang karapatan sa pag-apela sa City Council. Ang anumang naturang apela ay dapat nakasulat na i-sumite sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo paglabas ng desisyon ng Hearing Officer kung ang apela o pagsusuri ay unang apela sa ilalim ng Subdibisyon A sa itaas, o sa loob ng tatlong (3) araw ng kalendaryo kung ang apela o pagsusuri ay

apela sa Shut-Off Notice sa ilalim ng Subdibisyon B, sa itaas. Ang pagdinig sa apela ay gaganapin sa susunod na regular na pagpupulong ng City Council, maliban kung ang kustomer at ang Lungsod ay nagkasundo sa isang petsa na mas matagal pa.

(b) Para sa paunang apela sa ilalim ng Subdibisyon A, sa itaas, kung ang kustomer ay hindi nag-apela sa City Council ng Lungsod sa loob ng takdang oras, ang mga pinag-uusapang singil sa tubig ay dapat bayaran kaagad sa Due Date. Pag hindi nabayaran ng buo ang mga singil sa loob ng animnapung (6) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng orihinal na billing, magbibigay ang Lungsod ng Shut-Off Notice alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas, at maaaring magpatuloy sa potensyal na pagputol ng serbisyo sa property ng kustomer.

(c) Para sa Apela sa Shut-Off Notice sa ilalim ng Subdibisyon B, sa itaas, kung ang kustomer ay hindi nag-apela sa City Council sa loob ng takdang oras, maaaring putulin ang serbisyo ng tubig sa naturang property mula sa pagbigay ng nakasulat na paunawa o sa telepono sa kustomer na bibigyan ng hindi kukulangin sa dalawampu't-apat (24) na oras pagkalipas ng alinman sa matagal: (i) pag-expire ng orihinal na panahon ng paunawa na animnapung (6) araw ng kalendaryo na nakasaad sa Shut-Off Notice; o (ii) pag-expire ng panahon ng apela.

3. Kung hiniling ang isang pagdinig sa harap ng City Council, ang naturang kahilingan ay dapat gawin ng pasulat at ipadala sa Finance Department ng City Hall. Kailangang personal na magpakita ang kustomer sa City Council at mag-prisinta ng ebidensya at mga dahilan kung bakit hindi tama ang mga singil sa tubig sa pinag-uusapang bill. Susuriin ng City Council ang ebidensyang ipinakita ng kustomer, pati na rin ang impormasyon na naka-file sa Lungsod kaugnay ng mga pinag-uusapang singil sa tubig at gagawa ng desisyon tungkol sa kawastuhan ng mga nasabing singil.

a) Kung natuklasan ng City Council na hindi tama ang pinag-uusapang singil ng tubig, bibigyan ng bagong invoice ang kustomer sa mga nirebisang singil. Kung ang mga rebisadong singil ay nanatiling hindi nabayaran ng higit sa animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ibigay ang winastong invoice, puputulin ang serbisyo ng tubig sa susunod na regular na araw ng trabaho pag-expire ng naturang animnapung (60) araw ng kalendaryo; sa kundisyong magbibigay ang Lungsod ng Shut-Off Notice sa kustomer alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas. Ang serbisyo ng tubig ay ibabalik lamang pagkatapos mabayaran ng buo ang lahat ng natitirang singil sa tubig at anuman at lahat ng naaangkop na singil sa pagbabalik ng serbisyo.

b) Kung ang mga pinag-uusapang singil sa tubig ay napatunayang wasto, ang mga singil sa tubig ay nakatakda at dapat bayaran sa loob

ng dalawang (2) araw ng trabaho pagkatapos maglabas ng desisyon ang City Council.

- c) Ang anumang mga overcharge ay makikita bilang credit sa susunod na regular na bill sa kustomer.
- d) Ang serbisyo ng tubig sa sinumang kustomer ay hindi dapat itigil sa anumang panahon habang ang apela ng kustomer sa Lungsod o sa City Council ay nakabinbin.
- e) Ang desisyon ng City Council ay pangwakas at umiiral.

**V. Pagbabalik ng Serbisyo:** Upang ibalik o ipagpatuloy ang serbisyo na pinutol ng Lungsod dahil sa hindi pagbabayad, dapat magbayad ang kustomer ng Reconnection Fee na itinakda ng resolusyon ng City Council, sa ilalim ng limitasyon na nakasaad sa Seksyon II(E)(1), sa itaas. Magsusumikap ang Lungsod na ibalik ang serbisyo sa lalong madaling panahon na hindi lalampas sa katapusan ng susunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos ng kahilingan ng kustomer at pagbabayad ng anumang naaangkop na Reconnection Fee.

**VI. Paunawa na Nakasulat sa Ibang Wika:** Ang patakaran na ito at ang mga paunawa na kinakailangan sa ilalim ng SB 998 ay makukuha sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Korean, at iba pang mga wika na ginagamit ng sampung (10) porsiyento o mahigit pa ng mga kustomer sa lugar ng serbisyo ng Lungsod.